**“At lumalaki ang bata, at lumalakas, at napupuspos ng karunungan:**

**at sumasa kaniya ang biyaya ng Diyos” (Lukas 2:40)**

Mga kapatid sa Diyosesis ng Saitama,

Sa ngalan ng Panginoon, nais kong batiin kayo ng kagalakan sa Bagong Taon. Ninanais kong makipaglakbay kasama ninyo sa nalalapit na taon.

Ngayong araw na ito, Bagong Taon, pinagdiwang natin ang Solemnidad ng Birhen Maria, ang Ina ng Diyos. Ito ang araw na nagdadasal tayo sa Diyos ng buong puso para sa kapayapaan ng buong mundo at sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Butihing Birhen Maria. Ipanalangin natin ang pagdating ng kapayapaan ng mundo na walang galit, kalungkutan, digmaan, pagkahati-hati, pagsasamantala, o gutom sa pagsasabi, “Panginoon, gawin mo akong instrumento ng iyong kapayapaan” (San Fransisko ng Assisi).

Ang ninanais ko na ang mga kabataan ay magiging sentro ng ating mga hakbang tungo sa pagsasakatuparan ng dalangin na ninanais. Sa pagtungo natin sa Taon ng Hubileo 2025, si Papa Fransisko ay nanawagan sa atin na magsanib-puwersa upang tulungan particular ang mga kabataan na palawakin ang kanilang mga puso na may buhay na pag-asa. Ako din ay sabik na tumugon sa panawagang ito. Ngayon, na ang pagbabanta ng COVID-19 ay humihina, magalak tayong ibahagi na ang maliliit na mga pagpupulong ay tunay na nakikita. Ninanais ko na makita ang mga grupo ng mga kabataan ay umunlad tungo sa antas ng diyosesis na komunidad sa kabila ng mga nasyonalidad, mga lenguwahe at mga kultura. At kung nagpadesisyonan ang konkretong bagay, ipapaalam ko as inyo ang tungkol dito at himukin kayo na gawing bahagi ng diyosesis ang pangkalahatang pagsisikap. Abangan ninyo ito.

Habang namana natin ang ating pananampalataya sa nakaraang henerasyon, ang mga kabataan na namuhay kasama natin ang siyang magpapatuloy ng pananampalataya sa kinabukasan. Kung kayo ay hingan ng payo ng mga kabataan na nais sabay na magpulong sa inyong simbahan o sa malapit na sentro ng pagsasanay upang talakayin ang mga inaasahan bilang mga Kristiyanong mananampalataya, pakiusap ko ay tulungan silang magkatotoo ang kanilang mga ninanais.

As susunod na World Youth Day na gaganapin sa Seoul, capital ng Korea, tatlong taon makalipas sa 2027. Tumutok tayo sa kaganapan na iyon at manalangin na maraming kabataan sa ating diyosesis ang sumali na may sigasig.

Upang maging magkatotoo ang ating ninanais, sa unang araw ng taon 2024, ibibigay ko ang pagbabasbas na nakasulat sa Aklat ng mga Numero:

Basbasan kayo ng Panginoon at ingatan kayo!

Paliwanagin nawa ng Paqnginoon ang kanyang mukaha sa iyo, at bigyan ka ng kapayapaan!

(Numero 6:24-25)

Sa ngalan ng Ama, at Anak at Espirito Santo. Amen.

Enero 1, 2024

Solemnidad ng Birhen Maria, Ina ng Diyos

Mario Yamanouchi Michiaki

Obispo ng Diyosesis ng Saitama